


Kailangan mo ba ng pinansyal na tulong dahil sa COVID-19?



Baka maaari kang makakuha ng **COVID-19 Disaster Payment** (Kabayaranang Pangkapahamakan dahil sa COVID-19) kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa kautusang paghihigpit sa pagkilos o lockdown.

Baka maaari kang makakuha ng **Pandemic Leave Disaster Payment** (Kabayaranang Pangkapahamakan na Pagliban dahil sa Pandemya) kung hindi ka makapagtrabaho dahil:

- sinabihan ka ng isang pangkalusugang opisyal ng estado o teritoryo na magbukod o magkuwarantena dahil ikaw ay malapitang kontak ng isang kumpirmadong kaso o may COVID-19
- Ikaw ay nangangalaga sa isang tao na may COVID-19.

Baka maaari ka ring maging marapat para sa pangmatagalang pinansyal na tulong. Gamitin ang aming Payment and Service Finder upang malaman kung ano ang maaari mong makuha:
servicessaustralia.gov.au/paymentfinder

Pumunta sa **servicessaustralia.gov.au/covid19** o mag-scan ng QR code upang malaman kung ikaw ay maaaring makakuha ng kabayaran.

